

## 2 SEGURONG MEDIKAL

Mayroong seguro ng kalusugan na sinasapian kung saan nagtatrabaho, Pambansang Seguro ng Kalusugan na sinasapian sa lungsod/bayan na tinitirahan, at iba pa sa segurong medikal. Kung dayuhang hindi nakasapi sa seguro ng kalusugan dahil sa kondisyon ng pagtatrabaho nang natanggap sa trabaho, naninirahan nang matagal-tagal o matagal na panahon o bukod-tanging permanenteng reidente na may pahintulot para sa paninirahan na itinakda ng kalihim ng Kagawaran ng Kalusugan, Paggawa at Pagkakawanggawa, nauukol ang Pambansang Seguro ng Kalusugan.

Mangyaring magkonsulta sa tanggapang namamahala tungkol sa balangkas at palakad ng segurong medikal, uri ng benepisyo, pagsingil, pagbayad, at iba pa.

### (1) Buod ng Sistema ng Segurong Medikal

#### ① Pambansang Seguro ng Kalusugan

A	Palakad sa pag-uulat	Ang puno ng sambahayan kung saan napapabilang ang mismong taong kailangan ng pag-uulat ang gagawa ng palakad ng pag-uulat sa dibisyong namamahala sa Pambansang Seguro ng Kalusugan ng lungsod, ward o bayan kung saan ang address.
B	Kailangang bagay-bagay sa pag-uulat	Pag-alis ng bansa, paglipat/pag-alis, pagsapi/pag-alis sa seguro ng kalusugan, panganganak, pagkamatay, address/pangalan/nasyonalidad/pagbabago sa sambahayan, pagkawala ng sertipiko ng taong nakaseguro, atbp.
C	Sertipiko ng taong nakaseguro	Ipagkakaloob ang 1 card sa 1 tao (kung hindi card, magkakaloob ng 1 para sa 1 sambahayan). Mangyaring ipakita ito kapag magpapagamot na saklaw ng seguro.
D	Bayad (buwis) para sa seguro	Ang puno ng sambahayan ang magbabayad ayon sa bilang ng taong kasapi sa Pambansang Seguro ng Kalusugan at kita ng sambahayan. Para sa taong hindi binabawas mula sa pampublikong pensyon, may paraan ng pagbabayad sa pamamagitan ng bill ( <i>nōfusho</i> ) at sa pamamagitan ng account transfer ( <i>kōza furikae</i> ).

#### ② Seguro ng Kalusugan

A	Palakad sa pagsapi	Kung nauukol na kumpanya at nagpasok ng regular na empleyado nang walang kaugnayan sa nasyonalidad, edad at halaga ng suweldo, ang may-ari ng kumpanyang iyon ang mag-uulat sa Tanggapan ng segurong panlipunan (o sa Samahan ng seguro ng kalusugan).
B	Kailangang bagay-bagay sa pag-uulat	Ang may-ari ng kumpanya ang mag-uulat ng mga kailangang bagay-bagay (pagbibitiw/pagretiro, pagkamatay, pagbabago sa pangalan, pagkawala ng sertipiko ng taong nakaseguro, atbp.).
C	Sertipiko ng taong nakaseguro	Ipagkakaloob sa taong nakaseguro, at sa dependiyente ang 1 card sa bawat 1 tao (May Samahan ng seguro ng kalusugan ding hindi pa card ang ginagamit.). Mangyaring ipakita ito kapag magpapagamot na saklaw ng seguro.

D	Bayad para sa seguro	Magkahati sa pagpasan ang may-ari ng kumpanya at taong nakaseguro ayon sa halaga ng kabayaran sa taong nakaseguro, at ibabayad ng may-ari ng kumpanya sa tagaseguro ang bayad para sa segurong pinagsamang pasanin ng may-ari ng kumpanya at pasanin ng taong nakaseguro.
E	Taong nakaseguro sa pamamagitan ng kusang pagpapatuloy (Kusang pagsapi pagkatapos magbitiw/magretiro)	Kapag nagbitiw/nagretiro ang taong 2 buwan pataas ang patuloy na panahon ng pagiging taong nakaseguro sa seguro ng kalusugan, maaaring patuloy na sariling sumapi sa seguro ng kalusugan sa loob ng 2 taon. Para mag-apply, isagawa ang aplikasyon sa loob ng 20 araw pagkatapos magbitiw/magretiro sa Samahan ng seguro ng kalusugang sinapian. Sariling pasanin ang buong halaga ng bayad para sa seguro.

③ Segurong Medikal para sa Matandang nasa Ikalawang Antas

A	Taong sakop	Taong 75 taong gulang pataas. (Mula sa ika-75 taong kaarawan ang pagsapi. Hindi kailangan ang palakad sa pagsapi.) Taong 65 taong gulang pataas pero walang 75 taong gulang na may takdang antas ng kapansanan, at nakatanggap ng pagpahintulot ng Malawakang Kapisanan para sa Panggagamot ng Matandang nasa Ikalawang Antas ng Hiroshima Prefecture.
B	Kailangang bagay-bagay sa pag-uulat	Pag-alis ng bansa, paglipat/pag-alis, pagkamatay, address/pangalan/pagbabago sa nasyonalidad, pagkawala ng sertipiko ng taong nakaseguro, atbp.
C	Sertipiko ng taong nakaseguro	Ipagkaloob ang 1 para sa 1 tao. Mangyaring ipakita ito kapag magpapagamot na saklaw ng seguro.
D	Bayad para sa seguro	Babayaran ayon sa kita sa bawat indibidwal. Para sa taong hindi binabawas mula sa pampublikong pensyon, may paraan ng pagbabayad sa pamamagitan ng bill ( <i>nōfusho</i> ) at sa pamamagitan ng account transfer ( <i>kōza furikae</i> ).

(2) Uri ng Benepisyong ng Pambansang Seguro ng Kalusugan, Seguro ng Kalusugan, Segurong Medikal para sa Matandang nasa Ikalawang Antas

①	Benepisyong ng Pagpapagaling Maaaring tumanggap ng kinakailangang paggamot ayon sa pagbabayad ng sariling pasanin sa gastusing medikal kapag nagkasakit o napinsala (Hindi kasama sa Seguro ng Kalusugan ang sakit o pinsala sa trabaho.) Para sa taong kasapi sa Seguro ng Kalusugan at kanyang pamilya (dependiyente), 30% ang sariling pasanin; kung 70 taong gulang pataas, 20% <sup>*1</sup> (30% kung kumikita ng takdang halaga o higit pa); 20% kung wala pang 6 taong gulang <sup>*2</sup> , at ganito rin sa kasapi sa Pambansang Seguro ng Kalusugan. Para naman sa taong nakaseguro sa Segurong Medikal para sa Matandang nasa Ikalawang Antas, 10% (30% kung kumikita ng takdang halaga o higit pa). Babayaran mula sa Pambansang Seguro ng Kalusugan, Seguro ng Kalusugan, o Segurong Medikal para sa Matandang nasa Ikalawang Antas ang natirang halaga ng gastusing medikal liban sa sariling pasanin. <sup>*1</sup> 10% kung hindi kumikita ng takda o higit pang halaga at Abril 2, 1944 o nauna pa rito ipinanganak. <sup>*2</sup> Hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos sumapit ng 6 taong gulang.
②	Gastusin sa Pagpapagaling

	Sa bukod-tanging pagkakataon tulad ng hindi nakapagpatingin na saklaw ng seguro sa institusyong medikal na sakop ng seguro dahil sa hindi maiiwasang kalagayan at nagpatingin sa sariling gastos, isasauli ang halaga pagkatanggal ng bahaging pasanin mula sa batayang halaga ng gastusing medikal. (Korset, pagsasalin ng dugo, pamamaraan ng judo therapist atbp, pagtingin ng doktor na hindi saklaw ng seguro, pagpapatingin nang hindi ipinakita ang sertipiko ng taong nakaseguro, atbp.)
③	<p>Malaking Halaga ng Gastusin sa Pagpapagaling</p> <p>Sistema ito ng pagsasauli, ayon sa pagsingil ng taong nakaseguro, ng bahaging lampas kapag lumampas sa takdang halaga ang halaga ng sariling pasaning ibinayad sa institusyong medikal o iba pa sa 1 buwan.</p>
④	<p>Kabuuang Halaga para sa Pangananganak at Pag-aalaga ng Bata (Kabuuang Halaga para sa Pangananganak at Pag-aalaga ng Bata sa Pamilya)</p> <p>Kapag nanganak ang taong nakaseguro o dependiyente nang may 4 buwan (85 araw) o higit pang pagdadalantao, ibibigay ang 404,000 yen sa bawat anak. (420,000 yen kung nanganak sa institusyon ng pangananganak na kasapi sa Japan Obstetric Compensation System for Cerebral Palsy*)</p> <p>*Sistemang sinasapian ng mga institusyong medikal na may kinalaman sa pangananganak ang Japan Obstetric Compensation System for Cerebral Palsy kung saan madaling matatanggap ang bayad-pinsala sa sanggol na nagkaroon ng malubhang cerebral palsy kaugnay sa pangananganak.</p>
⑤	<p>Gastusin sa Seremonya ng Libing *liban sa Seguro ng Kalusugan</p> <p>Kapag pumanaw ang taong nakaseguro, ibibigay sa taong nagsagawa ng seremonya ng libing ang takdang halaga ng gastusin sa pagpapalibing.</p>
⑥	<p>Bayad (Gastusin) sa Pagpapalibing (Bayad sa Pagpapalibing ng Pamilya)</p> <p style="text-align: right;">*Seguro ng Kalusugan lamang</p> <p>Kapag pumanaw ang taong nakaseguro, ibibigay sa pamilyang nagsagawa ng pagpapalibing ang 50,000 yen, ang gastusin sa pagpapalibing sa loob ng bayad sa pagpapalibing (50,000 yen) sa taong nagsagawa ng pagpapalibing kung walang pamilya ang pumanaw na taong nakaseguro, o kung ang dependiyente ang pumanaw, 50,000 yen bilang bayad sa pagpapalibing ng pamilya sa taong nakaseguro.</p>
⑦	<p>Pataang Halaga para sa Pangananganak *Seguro ng Kalusugan lamang</p> <p>Kapag hindi pumasok sa kumpanya ang taong nakaseguro dahil sa pangananganak, at hindi makakatanggap ng suweldo mula sa may-ari ng kumpanya, ibibigay ang 2/3 ng arawang halaga ng batayang kabayaran para sa 1 araw ng pagliban sa trabaho. (Mula 42 araw bago ng (tinatayang) araw ng pangananganak (98 araw kung multiple pregnancy) hanggang 56 araw pagkatapos ng sumunod na araw sa araw ng pangananganak.)</p>
⑧	<p>Pataang Halaga para sa Pinsala o Sakit *Seguro ng Kalusugan lamang</p> <p>Kapag hindi pumasok sa kumpanya ang taong nakaseguro dahil sa sakit o pinsala, at hindi makakatanggap ng suweldo mula sa may-ari ng kumpanya, ibibigay ang 2/3 ng arawang halaga ng batayang kabayaran para sa 1 araw ng pagliban sa trabaho. (Sa loob ng 1 taon 6 buwang bibilangin mula sa panahong hindi pumasok (ika-4 araw).)</p>
⑨	<p>Iba pa</p> <p>Gastusin sa pagkain habang nagpapaospital, Gastusin para sa partikular na pagpapagaling, Gastusin sa home care nursing, Gastusin sa transportasyon, atbp.</p>

Uri ng Seguro	Para sa mga katanungan
Pambansang Seguro ng Kalusugan	Tanggapan ng lungsod, ward o bayan
Seguro ng Kalusugan	Japan Health Insurance Association / Samahan ng Seguro ng Kalusugan
Segurong Medikal para sa Matandang nasa Ikalawang Antas	Tanggapan ng lungsod, ward o bayan / Malawakang Kapisanan para sa Panggagamot ng Matandang nasa Ikalawang Antas